# Isinumpa ng Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ang lalaking nagsusuot ng kasuutan ng babae at ang babaing nagsusuot ng kasuutan ng lalaki.

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya, na nagsabi: Isinumpa ng Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ang lalaking nagsusuot ng kasuutan ng babae at ang babaing nagsusuot ng kasuutan ng lalaki.

[Tumpak] [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'īy - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Ang sinumang lalaking nagpakawangis sa mga babae, siya ay isinumpa sa pananalita ng Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, at ang sinumang babaing nagpakawangis sa mga lalaki, siya ay isinumpa sa pananalita ng Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan. Iyon ay dahil sa si Allah, napakamaluwalhati Niya at pagkataas-taas, ay lumikha sa mga lalaki at mga babae at gumawa para bawat kasarian mula sa dalawang kasarian ng ikinatatangi. Ang mga lalaki ay naiiba sa mga babae sa kalikasan, pagkakalikha, lakas, pagrerelihiyon, at iba pa roon. Ang mga babae ay gayon din, naiiba sa mga lalaki. Kaya ang sinumang nagtangkang gawin ang mga lalaki na tulad ng mga babae o gawin ang mga babae na tulad ng mga lalaki, ay sumalungat nga kay Allah sa pagtatakda Niya at pagbabatas Niya dahil si Allah, napakamaluwalhati Niya at pagkataas-taas, ay may kadahilanan sa anumang nilikha Niya at isinabatas Niya. Dahil dito, nasaad ang mga teksto ng matinding banta ng pagsumpa: ang pagtataboy at ang pagpapalayo sa tao buhat sa awa ni Allah, dahil sa papapakawangis ng lalaki sa babae o ng babae sa lalaki.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee